

BE SAFE ★
CHICAGO ★



Maging Ligtas.
Mga Lugar para sa Pagsamba

Maging Ligtas. Mga Lugar para sa Pagsamba

Ano ang nasa gabay na ito?



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)

Ang maingat na muling pagbubukas ng Chicago ay nangangailangan ng:

Mga malusog na pakikisalamuha

Paglayo sa kapwa



Mga limitasyon sa pisikal na layo mula sa ibang indibidwal

Laki ng pagpupulong



Mga limitasyon sa mga pagpupulong ng mga indibidwal

Pamprotektang gamit



Paggamit ng pamprotektang gamit ng mga indibidwal

Mga kinakailangan para sa kalinisan



Pagtiyak ng malinis na pakikisalamuha (hal., paghugas ng kamay)

Mga ligtas na espasyo at kondisyon

Access sa pagpasok



Kondisyon para sa paglabas/pagpasok para sa access sa espasyo

Mga pamantayan sa paglilinis



Mga ginawa para disimpektahan ang lugar

Nakikitang patnubay



Mga mapagkukunan sa kalinisan at gabay na nakapaskil sa espasyo

Mga kondisyon sa lugar ng trabaho



Pagsusuri ng dami ng taong naglalakad, bentilasyon, atbp.

Mga matatag na operasyon at pagsubaybay

Mga modelong may pleksibilidad



Pleksibilidad pagdating sa pagliban dahil sa sakit, pagtatrabaho mula sa malayo (kapag posible)

Mga matatag na operasyon



Suporta para sa pleksibilidad ng operasyon (hal., maraming shift)

Mga alituntunin sa pagbiyahe



Paghihigpit sa pagpapalipat-lipat ng lokasyon ng mga tao

Pagsusuri / pagsubaybay



Pangangasiwa ng pagsusuri at pagsubaybay

Maging Ligtas. Mga Lugar para sa Pagsamba

Nakaguhit na halimbawa



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Ano ang maaaring maging iba?

- 1 Ang mga kuwarto ay hindi maaaring magkaroon ng higit sa **50** hanggang sinusunod ang paglayo sa kapwa
- 2 Iba-ibahin ang **oras ng pagpasok at paglabas** para maiwasan ang siksikan sa checkpoint
- 3 Madalas na **dinidisimpektahan** ng mga empleyado ang mga pasilidad
- 4 **Mga istasyon para sa paglilinis** na magagamit sa buong pasilidad
- 5 Lahat ng indibidwal ay kailangang magsuot ng **mga pantakip sa mukha**
- 6 Nakahiwalay ang mga upuan nang **6 na talampakan** para isulong ang paglayo
- 7 **Mga nakikitang palatandaan** na nakapaskil sa mga pasilidad tungkol sa kalinisan ng katawan, paglayo mula sa kapwa, wastong PPE at higit pa

- Inirerekomendang patnubay -



Maging Ligtas. Mga Lugar para sa Pagsamba

Mga malusog na pakikisalamuha



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Tiyakin ang >6 na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal

- Maliban sa mga miyembro ng parehong sambahayan, sundin ang paglayo sa kapwa nang 6 na talampakan sa lahat ng oras
- Paupuin nang magkasama ang mga miyembro ng parehong sambahayan; dapat manatili ang mga bata kasama ang kanilang mga magulang/tagapag-alaga sa lahat ng oras
- Maglagay ng marka para sa 6 na talampakang layo sa pagitan ng mga upuan
- Ang mga lugar kung saan pumipila ang mga tao ay dapat na malinaw na markahan para ipakita ang 6 na talampakang layo (hal., mga pasukan)
- Hikayatin mga hindi nalalamasang harang kapag hindi maaari ang paglayo sa kapwa nang 6 na talampakan (hal., mga pasukan)
- Magtakda ng mga tauhan na nakatuon sa pagpapatupad ng paglayo sa kapwa para sa lahat ng serbisyo at pagpupulong (inirerekomenda ang isang usher/tauhan para sa bawat 10 kalahok)
- Bawal ang pakikipagkamay at pagyakap sa iba



Limitado ang kapasidad ng mga kuwarto sa 25%, at hindi lalagpas sa 50 tao

- latas na
 - Walang kuwarto ang lalagpas sa kapasidad na 25% (hal., sa isang malaking santuwaryo), o
 - Hindi hihigit sa 50 tao kada kuwarto, anuman ang mas kaunti
- Kung mayroong ilang nakasaradong kuwarto sa loob ng isang lugar para sa pagsamba, ang bawat kuwarto ay napapasailalim sa mga limitasyon sa kapasidad
- Iba-ibahin ang oras ng simula/pagtatapos ng mga pagpupulong (at kung maaari, magkakaibang pasukan at labasan)
- Bawal ang pag-anunsyo ng anumang kaganapang may higit sa 50 katao

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE
CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Lugar para sa Pagsamba

Mga malusog na pakikisalamuha



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Hikayatin ang pagsasama-sama ng mga parehong grupo ng indibidwal, at walang pagsasalamuha ng mga tao galing sa iba't ibang grupo, hangga't maaari

- Hikayatin ang pagsasama-sama ng mga parehong grupo ng indibidwal na nagkikita sa mga nakatakdang oras bawat linggo para limitahan ang panganib ng pagkalantad sa pagitan ng mga grupo
- Bawal ang kaganapang may pakikisalamuha ng mga tao mula sa iba't ibang grupo sa iba't ibang lugar para sa pagsamba
- Kung maaari, hikayatin ang mga naka-pangkat na grupo ng mga indibidwal sa magkakahiwalay na kuwarto (hal., 5 grupo na may 10 katao sa bawat grupo para sa pagdadasal sa magkakahiwalay na saradong kuwarto, sa halip na isang malaking pagpupulong ng 50 tao sa isang kuwarto)

Pag-isipan ang mga alternatibong paraan para limitahan ang laki ng pagpupulong; bilang halimbawa,

- Maraming pagpupulong ng 10 tao sa isang malaking kuwarto, na may layo na 6 na talampakan sa pagitan ng bawat grupo, basta hindi hihigit sa 50 tao ang mga naturang pagpupulong
- Mga indibidwal na pagpupulong para sa mga magkakaibang kaganapan (hal., mga prayer circle, sermon para sa maliit na pagpupulong) na may iba't ibang oras ng simula/pagtatapos

Ilatas sa lahat ang pagsuot ng mga pantakip sa mukha

- Sa anumang espasyong nasa labas at nasa loob na ginagamit ng lahat, dapat gumamit ng mga pantakip ng mukha sa ibabaw ng ilong at bibig para sa lahat ng indibidwal na may edad 2 pataas (maaaring may mga pagbubukod para sa mga taong may mga medikal na kondisyon o kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha)
- Ipagbawal ang pagpasok ng sinumang taong tumatangging magsuot ng pantakip sa mukha para sa hindi medikal na dahilan; kung mayroon, maaaring magbigay ng mga mask pagpasok



- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE
CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Lugar para sa Pagsamba

Mga malusog na pakikisalamuha



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Kung maaari, magbigay ng sanitizer sa kamay sa mga pasukan at labasan; bawal ang mga pinaghahatiang gamit

- Maglagay ng (mga) istasyon para sa paglilinis sa pasukan ng gusali; kung maaari, maglagay ng mas maraming magagamit na istasyon sa buong pasilidad
- Sanayin ang lahat ng tauhan/boluntaryo (hal., mga usher, Deacon) tungkol sa mga bagong patakaran at proseso sa paglilinis bago magbukas
- Ipaalam ang mga bagong proseso ng pagpapatakbo sa mga tauhan at publiko

Ipagbawal ang mga pinaghahatiang gamit (hal., mga pagkain, inumin, damit)

- Walang anumang uri ng pinagsasaluhang kinakaing produkto (kabilang ang mga inumin) (hal., walang pinagsasaluhang komunyong) at walang pagkaing kinukuha mismo ng mga tao; pinapahintulutan ang pagbabahagi ng binalot na komunyong o sakramento
- Walang mga hapunan para makisalamuha o pinagsasaluhang pagkain
- Maaaring magpatuloy ang mga lugar para sa pagsamba na magpatakbo ng mga operasyon ng food pantry o iba pang operasyon sa pagbabahagi ng pagkain
- Bawal ang mga gamit na muling magagamit, pinaghahatian, o iba pang bagay na ginagamit ng lahat (hal., anumang ipinapasa-pasa o hahawakan ng higit sa isang tao); bawal ang pagbabahagi ng mikropono
- Kung maaari, magbigay ng mga programa, himno, bulletin, at aklat ng dasal sa ibang anyong maliban sa papel (hal., naka-project sa pader, online para makita sa mga personal na hinahawakang kagamitan)
- Baguhin ang pagkolekta ng mga pinansyal na kontribusyon para matanggal ang paggamit ng mga pinagpapasa-pasahang tray at basket; pag-isipan ang mga paraang hindi kailangan ng paghawak, at hikayatin ang mga kontribusyon sa pamamagitan ng sulat o mga elektronikong paraan

Maging Ligtas. Mga Lugar para sa Pagsamba

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Iatas ang mga pagsusuri sa kalusugan sa pagpasok

- Bago lumabas ng bahay, hinihikayat ang lahat ng mga indibidwal na tukuyin sa sarili ang mga sintomas at manatili sa bahay kung mayroon sila ng mga sintomas
- Bago pumasok sa lugar ng trabaho, susuriin ng mga empleyado ang kanilang sarili (hal., palatanungan – tingnan ang appendix) para matiyak na wala silang sintomas ng COVID-19
- Iatas ang pagsusuri sa kalusugan para sa lahat ng papasok sa gusali, at maaaring kabilang dito ang pagsusuri para sa mga sintomas at/o temperatura; ang mga taong nagpapakita ng mga sintomas ng sakit o may lagnat na 100 degrees Fahrenheit o higit pa ay hindi dapat pahintulutan sa lugar

Subaybayan ang pagpasok/paglabas at tiyakin ang paglayo sa kapwa

- Subaybayan ang pasukan/labasan para maayos ang daloy ng trapiko
- Iwanang bukas ang mga pintuan kung maaari sa oras ng pagpasok/paglabas, o iatas sa mga usher na buksan at isarado ang mga pintuan kapag kailangan
- Hikayatin ang pagkakaroon ng seguridad sa labas para idirekta ang mga tao patungo sa mga pasukan at labasan para mabawasan ang pakikisalamuha
- Pagkatapos pumasok, diretsong pupunta ang mga indibidwal sa kanilang mga upuan para iwasan ang pakikisalamuha
- Ipagbawal ang pagpasok ng karagdang tao kung puno na ang kapasidad o hindi na posible ang paglayo sa kapwa nang 6 na talampakan
- Pag-isipan ang pagtatapos ng mga indibidwal na pagpupulong sa isang maayos na paraan para matiyak ang paglayo sa kapwa

Maging Ligtas. Mga Lugar para sa Pagsamba

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Magpatupad ng mga espesyal na hakbang para maingat ang populasyong mahina laban sa sakit

- Ipagbawal ang pagpasok ng sinuman sa mga populasyong mahina laban sa sakit (hal., may mga medikal na kondisyon, 60+) hanggang malaki na ang nabawas sa panganib
- Kapag bumalik ang mga populasyong mahina laban sa sakit sa mga lugar para sa pagsamba, hikayatin ang unang pagpasok at huling paglabas pagkatapos ng lahat ng ibang miyembro
- Kung maaari, magtakda ng mga hiwalay na pasukan at labasan para sa mga populasyong mahina laban sa sakit
- Pag-isipang ihiwalay ang isang bahagi ng lugar para sa pagsamba na para lamang sa mga populasyong mahina laban sa sakit
- Kung maaari, hikayatin ang mga sesyong digital o sa pamamagitan ng radyo para sa mga populasyong mahina laban sa sakit, na may mga tulong na bigay ng mga itinakdang tauhan o miyembro ng simbahan

Maging Ligtas. Mga Lugar para sa Pagsamba

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Maglinis dalawang beses araw-araw at nang mas madalas para sa mga lugar na madalas dinadaan

- Linisin ang buong lugar para sa pagsamba sa araw at sa gabi, kabilang ang mga bangko at karpét
- Dalasan ang paglilinis sa mga pampublikong lugar, nang nakatuon sa mga patungan at gamit na madalas hawakan (hal., mga hawakan ng pintuan, itaas ng counter, pampublikong banyo, switch ng ilaw, mikropono) at mga lugar na madalaas daanan (hal., mga banyo)
- Linisin ang pulpito at podium pagkatapos ng bawat serbisyo (at anumang ibabaw ng lamesa sa pagitan ng bawat paggamit)
- Masinsinang linisin at i-sanitize ang pasilidad sa pagitan ng mga pagpupulong para sa anumang lugar para sa pagsamba na may higit sa isang serbisyo
- Linisin ang mga mikropono at anumang iba pang pinagbabahagiang instrumento (hal., mga keyboard, drums) bago at pagkatapos ng bawat serbisyo para sa pagsamba



Maglagay ng mga palatandaan sa anumang pasukan at labasan at anumang iba pang lugar na ginagamit ng lahat na madalas daanan

- Maglagay ng nakikitang patnubay para isulong ang paglayo sa kapwa, paghuhugas ng mga kamay, pagsuot ng pantakip sa mukha, at pagbati sa isa't isa nang walang pisikal na pakikisalamuha
- Maglagay ng nakikitang patnubay para idirekta ang pagdaloy ng trapiko
- Maglagay ng mga palatandaan sa mga pasukan, kabilang ang legal na wikang nagsasabing pumapasok ang mga tao nang nauunawaan ang panganib sa sarili

- Inirerekomendang patnubay -



Maging Ligtas. Mga Lugar para sa Pagsamba

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Ayusin ang pagkaayos ng mga upuan para matiyak ang paglayo sa kapwa

- Baguhin ang pasasaayos ng mga upuan para magkaroon ng 6 na talampakang layo (maaaring kabilang ang pagharang sa mga hanay sa mga lugar na hindi nagagalaw ang mga upuan)
- Mag-atas ng nakikitang marka sa mga upuan para makita ang layo na 6 na talampakan mula sa isa't isa, pati na rin mga palatandaang nagsasabi ng pinakamaraming dami ng taong pinapahintulutan sa bawat hanay
- Pag-isipang tanggalin, huwag gamitin, o ilayo sa isa't isa ang mga muwebles sa mga masikip na lugar (hal., lobby); kung hindi ito maaari, dapat linisan ang mga muwebles pagkatapos ng bawat paggamit

Ayusin ang mga lugar na ginagamit ng lahat at ang mga inaalok na aktibidad para mabawasan ang pakikisalamuha ng mga indibidwal

- Itigil ang mga programa ng pangangalaga sa bata sa oras ng mga pagpupulong (hindi kabilang ang daycare sa isang sentro ng komunidad na nakakabit sa lugar para sa pagsamba)
- Isara ang mga lugar na nakalaan para sa paggamit ng lahat kung saan hindi maisagawa ang paglayo sa kapwa
- Kung maaari, isulong ang bentilasyon ng mga nakasaradong lugar; pag-isipang buksan ang mga bintana at pintuan para sa pagdaloy ng hangin

Ayusin ang mga pagkanta o pagtatanghal para matiyak ang paglayo sa kapwa at mga malinis na pakikisalamuha

- Pahintulutan ang mga mag-isa o duet na mang-aawit na kayang sundin ang paglayo sa kapwa nang 10 talampakan; walang choir na may higit sa 2 tao
- Hikayatin ang virtual na pagkanta sa pamamagitan ng media
- Ilatas ang pagsuot ng mga pantakip sa mukha para sa mga "team sa pagpuri," (praise team) maliban na lamang kapag kumakanta (kapag wasto ang paglayo sa kapwa)

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE
CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Lugar para sa Pagsamba

Mga operasyon at pagsubaybay



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Mga modelong
may
pleksibilidad

Limitahan ang personal na pakikisalamuha, kung saan maaari

- Bawasan ang personal na pakikisalamuha (hal., pag-isipang gumamit ng mga online na pagsasanay / virtual na pagpupulong ng tauhan)
- Ipagpatuloy ang pag-alok ng mga online na serbisyo (hal., Zoom, mga conference call), kung saan maaari

Irekomenda ang mga alternatibong uri ng serbisyo (hal., nasa labas o drive in)

- Kung saan maaari, isagawa ang mga serbisyo sa labas; tukuyin ang pinakamaraming dami ng taong maaaring dumalo batay sa espasyong kailangan para matiyak ang wastong paglayo sa kapwa
- Ang pagpupulong ng mga tao sa loob ng mga nakaparadang kotse, trak, o iba pang nakasarang uri ng sasakyan – na itinakda bilang isang drive in na serbisyo/pagpupulong - ay hindi ituturing bilang isang pagpupulong na kailangang sumunod sa mga alituntunin sa itaas kapag natutugunan ang mga sumusunod na kondisyon:
 - (1) Lahat ng tao ay dapat manatili sa loob ng sasakyan sa lahat ng oras (walang anumang uri ng pag-upo sa labas, kabilang ang likod ng isang pickup na trak)
 - (2) May bakanteng espasyo ng paradahan sa pagitan ng bawat nakaparadang sasakyan, at
 - (3) Walang pagpapalitan ng mga materyales sa pagitan ng mga lider at dumadalo



Katagan ng
operasyon

Bumuo ng mga modelo ng trabaho na may pleksibilidad para sa mga tauhan

- Tiyakin na ang mga empleyado na kayang magtrabaho mula sa tahanan ay patuloy na magtrabaho mula roon
- Tiyaking manatili sa bahay ang mga tauhang may sakit
- Bawasan ang pagsasabay-sabay ng mga shift ng empleyado

- Inirerekomendang patnubay -


BE SAFE
CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Lugar para sa Pagsamba

Mga operasyon at pagsubaybay



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Limitahan ang pagbiyahe ng mga tauhan

- Bawasan ang pagbiyahe ng mga tauhan sa iba't ibang lugar para sa pagsamba

Sundin ang mga patnubay ng CDPH at CDC para sa mga protokol para sa pagsusuri at pagsubaybay

- Kung magkaroon man ng COVID-19 ang isang empleyado, dapat niyang sundin ang lahat ng mga alituntunin ng CDC bago bumalik sa trabaho
- Kung natukoy ang isang empleyado bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglinis at pagdisimpekta ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Sinumang empleyado nagkaroon ng malapit na pakikipagsalamuha sa katrabaho o sinumang iba pang taong natukoy bilang mayroong COVID-19 ay dapat mag-quarantine nang mag-isa ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Kung nalaman ng lugar para sa pagsamba na may 2 o higit pang kaso na maaaring nauugnay sa isang lugar o negosyo sa loob ng magkakasunod na 14 na araw, kailangang iulat ng mga employer ang mga kaso sa CDPH
- Sundin ang lahat ng mga patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit sa lugar ng trabaho
- Para sa lahat ng mga indibidwal na pumapasok sa lugar para sa pagsamba, magtago ng tala ng pagdalo nang hindi bababa sa 60 araw

- Inirerekomendang patnubay





Glosaryo

Paghugas ng kamay: Ang kilos ng puspusang paglilinis ng sariling mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng pandisimpekta na may kakayahang tanggalin ang virus na nagdudulot ng COVID-19

Paglayo sa kapwa: Ang pisikal na paglayo nang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal, o grupo ng mga indibidwal.

Pagpupulong: Isang planado o biglaang kaganapan kung saan nakikipagsalamuha ang mga indibidwal sa mga taong hindi nakatira sa parehong sambahayan nang malapitan (<6 na talampakan) sa matagal na panahon

PPE: Personal protective equipment, o personal na kagamitang pamprotekta (hal., pantakip sa mukha, goggles, pangharang sa mukha); iba-iba ang mga kailangan batay sa industriya at mga partikular na sitwasyon

Pagsusuri sa sarili: Protokol kung saan sinasagutan ng isang empleyado ang mga tanong sa simula ng isang shift. Maaaring kabilang sa mga tanong ang mga sumusunod, sa ilalim ng patnubay ng Komisyonado ng Kalusugan:

- Nagkaroon ka ba ng temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit o gumamit ka ba ng pampababa ng lagnat sa nakaraang 24 na oras para gamutin ang temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit?
- Mayroon ka bang bagong ubo na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bago o lumalalang pananakit ng lalamunan na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bagong pangangapos ng hininga na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Nagkaroon ka ba ng ganap na pagkawala ng pang-amoy o panlasa kamakailan lamang?

Halimbawang palatanungan para sa pagsusuri sa sarili

Maging Ligtas. Mga Lugar para sa Pagsamba

Mga Dulugan sa Pamublikong Kalusugan



MAINGAT NA
MAGBUKAS MULI
(Yugto III)

Mga pambansang dulugan para sa karagdagang patnubay

CDC – *Activities and Initiatives Supporting the COVID-19 Response and the President's Plan for Opening America Up Again (Mga Aktibidad at Inisyatibong Sumusuporta sa Pagtugon sa COVID-19 at ang Plano ng Pangulo para sa Pagbubukas Muli ng Amerika):*
<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/php/CDC-Activities-Initiatives-for-COVID-19-Response.pdf>

CDC – *Guidance for Businesses and Workplaces (Gabay para sa Mga Negosyo at Lugar ng Trabaho)* <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/businesses-employers.html>

OSHA *Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19 (Gabay sa Paghahanda ng Mga Lugar ng Trabaho para sa COVID-19):*
<https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf>

CDC – *Community and Faith-Based Organizations (Mga Organisasyong Naka-base sa Komunidad at Pananampalataya):*
<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/index.html>

CDC – *Interim Guidance for Communities of Faith (Pansamantalang Patnubay para sa mga Komunidad ng Pananampalataya):*
https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/faith-based.html?CDC_AA_refVal=https%3A%2F%2Fwww.cdc.gov%2Fcoronavirus%2F2019-ncov%2Fphp%2Ffaith-based.html

Ang anumang mga link na ibinigay sa dokumentong ito ay para sa layunin ng kaginhawaan at pagbibigay ng impormasyon lamang; hindi ito pag-endorso o pag-apruba ng Lungsod ng Chicago ng mga produkto, serbisyo, o opinyon ng korporasyon o organisasyon o indibidwal. Walang hinahawakang responsibilidad ang Lungsod ng Chicago para sa katiyakan, pagiging legal, o nilalaman ng panlabas na site o nilalaman ng mga sumusunod na link. Makipag-ugnayan sa panlabas na site para sa sagot sa mga katanungan tungkol sa nilalaman nito.

- Inirerekomendang patnubay -

Pangkalahatang
patnubay sa
lugar ng
trabaho

Patnubay sa mga
Lugar para sa
Pagsamba

Pahayag ng
Pagtanggap

